Mensahe Tatlo

# Si Eliseo bilang Sagisag ni Kristo sa Kanyang Ministeryo ng Biyaya sa Buhay at bilang isang Tao ng Diyos na Iginagawi ang Kanyang Sarili bilang Kinatawan ng Diyos, bilang ang Gumaganap na Diyos

Babasahin sa Kasulatan: 2 Hari 2:19-22; 4:1—6:7

**I. Si Eliseo ay isang sagisag ni Kristo sa paggawa ng mga himala ng biyaya sa buhay—2 Hari 4:9; Luc. 4:27:**

A. Sa katuparan ng mga sagisag at mga larawan sa Lumang Tipan, si Kristo ay ang tunay na Eliseo; bilang ang tunay na Eliseo, ang Panginoong Hesus ay isang magiliw at kaaya-ayang propeta, isang propeta ng pagpapala—2 Hari 4:9; Luc. 4:27; 7:11-17.

B. Si Eliseo ay isang sagisag sa Lumang Tipan na kumakatawan sa Bagong Tipang ekonomiya ng Diyos sa biyaya:

1. Ang biyaya ay ang Diyos na gumagawa ng lahat ng bagay para sa atin sa pamamagitan ng pagbibigay ng Kanyang sarili sa atin bilang ating katamasahan—Juan 1:1, 14-17.
2. Ang biyayang ito ay nagreresulta sa dibinong buhay, na mayaman at mataas, hanggang sa gawin nga tayong mga kasamang hari ni Kristo—Roma 5:17.

C. Ang kahulugan ng himalang ginawa ni Eliseo sa pagpapagaling sa tubig sa Jerico at ang himalang ginawa ng Panginoong Hesus sa pagpapalit ng tubig tungo sa alak ay magkatulad—ang pagpapalit ng kamatayan tungo sa buhay—2 Hari 2:4, 19-22; Juan 2:1-11.

D. Ang pagtawag ni Eliseo sa mga bagay na hindi umiiral bilang mga umiiral na ay katulad sa prinsipyo ng ginawa ng Panginoong Hesus nang pinakain Niya ang maraming tao—2 Hari 4:1-7, 8-17, 42-44; Mat. 14:14-21; 15:32-39.

E. Ang pagbabangong muli ni Eliseo ng patay mula sa kamatayan, nagbibigay-buhay sa patay, ay katulad ng ginawa ng Panginoong Hesus, kapwa sa pampisikal at sa pang-espiritwal—2 Hari 4:18-37; Luc. 7:11-17; Juan 11:41-44; 5:25.

F. Ang pagpapawalang-saysay ni Eliseo sa lason ng kalabasang gubat gamit ang harina ay katulad sa prinsipyo ng pagpapagaling ng Panginoon sa Kanyang mga disipulo sa lebadura ng mga Fariseo sa pamamagitan ng Kanyang sarili bilang pinong harina—2 Hari 4:41; Mat. 16:12.

G. Ang pagpapalutang ni Eliseo sa ulo ng palakol na nahulog sa tubig sa pamamagitan ng isang patpat ay sumasagisag sa pagbawi ni Kristo sa pamamagitan ng Kanyang krus sa pagkabuhay na muli ng nawalang kapangyarihan ng mga makasalanan na nahulog sa tubig ng kamatayan—2 Hari 6:6; Efe. 2:1-6.

H. Ginawa ni Eliseo ang mga himala ng dibinong pagpapagaling para sa iba, subalit, sa kalooban ng Diyos, siya mismo ay hindi gumaling sa pamamagitan ng isang himala; ito ang karanasan ni Pablo at ng kanyang mga kamanggagawa—2 Hari 13:14:

1. Iniwan ni Pablo si Trofimo na may sakit sa Mileto nang hindi nagsasagawa ng nagpapagaling na pananalangin para sa kanya at hindi ginamit ang kanyang kaloob sa pagpapagaling upang pagalingin si Timoteo sa kanyang sakit sa sikmura—2 Tim. 4:20; 1 Tim. 5:23; Gawa 19:11-12.
2. Si Pablo at ang kanyang mga kamanggagawa ay nasa ilalim ng disiplina ng panloob na buhay sa panahong iyon ng pagdurusa sa halip na nasa ilalim ng kapangyarihan ng panlabas na kaloob:

a. Ang nauna ay isang bagay ng biyaya sa buhay; ang huli ay isang bagay ng kaloob sa kapangyarihan—mahimalang kapangyarihan.
b. Sa pagbaba ng ekklesia at sa pagdurusa ng isa para sa ekklesia, ang kaloob ng kapangyarihan ay hindi gaanong kailangan gaya ng biyaya sa buhay—2 Tim. 4:22.

I. Si Eliseo ay pumanaw sa kanyang katawan subalit naghahain pa rin sa espiritu upang buhayin ang isang namatay—2 Hari 13:21:
1. Maging ang patay na si Eliseo ay kayang bumuhay ng mga tao.
2. Ito ay isang larawan ni Kristo sa pagkabuhay na muli—Juan 11:25; Gawa 2:24; Fil. 3:10:
a. Sinumang humihipo sa Kanya ay mabubuhay.
b. Ang pagkasilang na muli ay tungkol sa isang patay na tao sa pang-espiritwal na humihipo sa namatay at nabuhay na muling Kristo at pagiging binuhay—cf. Juan 5:25; Efe. 2:1-6a.

**II. Gaya nina Moises, Samuel, at Pablo, si Eliseo, isang tao ng Diyos, ay gumawi bilang kinatawan ng Diyos, bilang ang gumaganap na Diyos, sa lupa—2 Hari 4:9:**

A. Sinabihan ni Jehovah si Moises na Kanyang ginawa siyang Diyos kay Faraon—Exo. 7:1a:
1. Kay Moises ay may isang kinatawan ang Diyos upang katawanin Siya at upang isagawa ang Kanyang kalooban; si Moises ay hindi kailanman nagsalita kay Faraon sa kanyang sarili kundi lagi niyang isinasalita kung ano ang sinabi ng Panginoon na salitain niya—3:16-18; 5:1.
2. Sa katunayan, si Faraon ay hindi nakikinig kay Moses, ang embahador ng Diyos, at nakikipagtuos sa kanya; siya ay nakikinig sa Diyos at nakikipagtuos sa Diyos.

B. Si Samuel ang kinatawan ng Diyos upang mamuno sa Kanyang bayan sa lupa; bilang gayon, si Samuel ang gumaganap na Diyos—1 Sam. 1:11; 2:35; 7:3; 8:22:
1. Si Samuel ay naging ang gumaganap na Diyos sapagkat ang kanyang katauhan at ang puso ng Diyos ay iisa—2:35:
a. Siya ay isang tao na ayon sa puso ng Diyos; yaon ay, siya ay isang kopya, isang duplikado, ng puso ng Diyos.
b. Ang pamumuhay at paggawa ni Samuel ay para sa pagsasagawa ng anumang nasa puso ng Diyos.
2. Si Samuel ay ang orakulo ng Diyos at ang administrasyon ng Diyos, at sa gayon, siya ang gumaganap na Diyos.

C. Sa kanyang ministeryo, si Pablo, isang tao ng Diyos, ay ang gumaganap na Diyos sa pag-aliw sa mga mananampalataya, sa paggawi ng kanyang sarili sa kapayakan ng Diyos, sa paghahayag ng paninibugho ng Diyos, at sa pagiging embahador ni Kristo upang isagawa ang ministeryo ng pakikipagkasundo—2 Cor. 1:3-4, 12; 11:2; 5:20:
1. Sa buong panahon ng mahaba at kalunos-lunos na pagkakabilanggong paglalakbay ni apostol Pablo, pinanatili siya ng Panginoon sa Kanyang pag-akyat sa kalangitan at binigyang-kakayahan siyang makapamuhay ng isang buhay na lampas sa kinasasaklawan ng kabalisahan—Gawa 27:13—28:9:
a. Ang buhay na ito ay lubusang marangal, may pinakamataas na pamantayan ng pantaong kagalingan na naghahayag ng pinakaekselenteng dibinong katangian, isang buhay na katulad ng ipinamuhay ng Panginoong Hesus Mismo sa lupa nang  nakalipas na mga taon..

   b. Ito ay si Hesus na namumuhay muli sa lupa sa Kanyang dibinong pinagyaman na pagkatao.
   c. Ito ang kahanga-hanga, ekselente, at mahiwagang Diyos-tao, na namuhay sa mga Ebanghelyo, nagpapatuloy na mamuhay sa mga Gawa sa pamamagitan ng isa sa Kanyang mga sangkap.
2. Ang mga Bagong Tipang mananampalataya ay maaaring maging katulad ni Pablo sa pagpapangsyon bilang ang gumaganap na Diyos—1 Tim. 1:16.

**III. Bilang ang pinili, tinubos, at isinilang na muling bayan ng Diyos na kaisa ng Diyos, na binubuoan ng Diyos, na ipinamumuhay ang Diyos, na inihahayag ang Diyos, na kumikilos kasama ang Diyos, at na kumakatawan sa Diyos, tayo ay makapagpapangsyon bilang ang gumaganap na Diyos—Efe. 1:4-5:**

A. Bilang ang pinili, tinubos, at isinilang na muling bayan ng Diyos, dapat tayong maging kaisa ng Diyos—1 Cor. 6:17:
   1. Ang pangunahing prinsipyo ng Biblia ay yaong sa Kanyang ekonomiya ay ginagawa ng Diyos ang Kanyang sarili na kaisa ng tao at ginagawa ang tao na kaisa Niya—Juan 15:4.
   2. Ninanais ng Diyos na ang dibinong buhay at ang pantaong buhay ay pagsamahin upang maging isang buhay na may isang pamumuhay—1 Cor. 6:17.

B. Kailangan nating mabuoan ng Diyos—Efe. 3:17a; Col. 3:10-11:
   1. Ang ekonomiya ng Diyos ay ang ipamahagi ang Kanyang sarili sa ating katauhan upang ang ating katauhan ay mabuoan ng Kanyang sarili upang maging isang pagkakabuo sa Kanyang sarili—Efe. 3:17a; 4:4-6.
   2. Sa dibinong buhay at sa pamamagitan ng paggawa ng kautusan ng dibinong buhay, ang Diyos ay maisasagawa tungo sa atin, at tayo ay mabubuoan Niya sa Kanyang buhay at kalikasan—Roma 8:2, 6, 10-11, 29.

C. Bilang yaong mga kaisa ng Diyos at nabuoan ng Diyos, dapat nating ipamuhay ang Diyos—Fil. 1:21a:
   1. Ayon sa Kanyang ekonomiya, ang intensyon ng Diyos ay ang ipamahagi ang Kanyang elemento, ang Kanyang substansya, at ang mga sangkap ng Kanyang kalikasan tungo sa ating katauhan upang maipamuhay natin Siya—Roma 8:2, 6, 10-11.
   2. Ang ating pang-araw-araw na pamumuhay ay dapat maging ang Diyos Mismo at sa gayon ay maging isang buhay na patuloy na ipinamumuhay ang Diyos.—1 Thes. 2:12; 1 Cor. 10:31.

D. Dapat nating ihayag ang Diyos—Gen. 1:26; 2 Cor. 3:18; Roma 8:29; Col. 3:10:
   1. Ang walang hanggang layunin ng Diyos ay ang isagawa ang Kanyang sarili tungo sa atin bilang ating buhay upang maihayag natin Siya—Efe. 1:11; 3:11; 2 Tim. 1:9.
   2. Ang layon ng Diyos sa Kanyang ekonomiya ay yaong makaisa natin Siya at maipamuhay Siya para sa Kanyang sama-samang kahayagan—1 Cor. 6:17; Fil. 1:21a; Efe. 1:22-23.

E. Bilang yaong mga naghahayag sa Diyos, dapat tayong kumilos kasama ang Diyos—Jos. 1:1-9; 6:1-16:
   1. Kailangan ng Diyos ang mga anak ni Israel na makipagtulungan sa Kanya sa Kanyang pagkilos sa Kanyang ekonomiya bilang ang dakilang gulong—1:1-9; 6:1-16.
   2. Kailangan nating maging kaisa ng Diyos sa naisin ng Kanyang puso at sa Kanyang pagkilos sa lupa—Efe. 1:5, 9; Apoc. 14:1-4.

F. Habang tayo ay kumikilos kasama ang Diyos, dapat nating katawanin ang Diyos—Gen. 1:26-28:
   1. Upang katawanin ang Diyos sa Kanyang awtoridad, dapat nating ihayag ang Diyos sa buhay; dahil si Aaron ay mayroong pagkabuhay na muling buhay upang ihayag ang Diyos, siya ay mayroong awtoridad upang katawanin ang Diyos—b. 26; 2:9; Blg. 17:1-8.
   2. Ang wastong paraan upang gumawa para sa Diyos ay ang katawanin ang Diyos—Exo. 7:1-2.

G. Kung tayo ay kaisa ng Diyos, nabuoan ng Diyos, ipinamumuhay ang Diyos, inihahayag ang Diyos, kumikilos kasama ang Diyos, at kinakatawan ang Diyos, tayo ay magpapangsyon bilang ang gumaganap na Diyos:
   1. Kaya tayong gawin ng Diyos na katulad Niya sa buhay, kalikasan, kahayagan, at pangsyon upang isagawa ang Kanyang ekonomiya—Col. 3:4; 2 Ped. 1:4; Efe. 3:9.
   2. Sa kanyang ministeryo ang propetang si Eliseo, bilang isang tao ng Diyos, ay iginawi ang kanyang sarili bilang ang kinatawan ng Diyos, bilang ang gumaganap na Diyos; ngayon tayo, ang mga mananampalataya kay Kristo, ay maaaring maging kapareho, nagpapangsyon sa Kanyang ekonomiya bilang ang gumaganap na Diyos—2 Hari 4:9; 1 Tim. 6:11; 2 Tim. 3:17.

*© 2022 Living Stream Ministry*